Outside Defense-PG hanggang maging 14 ang OD (Maaari nyo unahin ito kaysa sa Jump Shot-Forwards, depende na ito kung ano ang mas kailangan ng iyong team)

Outside Shooting-SG hanggang maging 12 ang JR (Magandang JR level na ito para sa U21)

Sa puntong ito, pwede nyo icustomize ang inyong trainee:

a. Kung magsasalitan ang Outside Defense-PG at Jump Shot-Forwards, ang resulta ay katulad ng sample build na nasa taas.
b. Pwede rin tayong magtrain ng Passing-PG, at magsasalitan sila ng Outside Defense-PG.
c. Pwede rin sagarin ang Outside Defense-PG upang siya ay maging matibay na guard defender.

<u>*Combo Guard Build:</u>

<u>Range ng Tangkad</u>: 6’4” (193 cm) at mas mababa (mas maliit, mas mainam)

<u>Minimum na Potensyal</u>: Perennial Allstar

<u>Starting Skills</u>: JS, JR, OD at PA ay nasa 6-7; Maganda kung may IS na rin

Wannabe Combo Guard

Estimated Salary: $ 2 531
Age: 18
Height: 188 cm
Potential: **Perennial All-Star**
Potential limit: 40% - 44%

Jump Shot: **average**	Jump Range: **average**
Outside Def.: **average**	Handling: **average**
Driving: **average**	Passing: **average**
Inside Shot: **mediocre**	Inside Def.: **mediocre**
Rebounding: **awful**	Shot Blocking: **awful**
Stamina: **average**	Free Throw: **average**
Experience: **atrocious**	Skills sum: **52 (36|16)**

PG: 5.56 | **SG: 5.57** | SF: 5.17 | PF: 4.82 | C: 4.67

generated by /www.buzzer-manager.com

<u>Possible Final Build</u>:

Combo Guard

Estimated Salary: $ 23 503
Age: 21
Height: 188 cm
Potential: **Perennial All-Star**
Potential limit: 86% - 95%

Jump Shot: **wondrous**	Jump Range: **prominent**
Outside Def.: **marvelous**	Handling: **sensational**
Driving: **tremendous**	Passing: **prominent**
Inside Shot: **proficient**	Inside Def.: **average**
Rebounding: **awful**	Shot Blocking: **awful**
Stamina: **average**	Free Throw: **average**
Experience: **inept**	Skills sum: **95 (74|21)**

PG: 10.82 | **SG: 11.15** | SF: 9.23 | PF: 7.77 | C: 7.03

generated by /www.buzzer-manager.com

Combo guard, isa sa mga paborito kong guard builds dahil pwede siya maglaro ng PG at SG, at pwede rin SF kung mataas na ang IS at ID. Focus tayo sa JS at OD, at magdagdag ng konting JR at PA. Flexible din ito dahil madali tayong makakapagshift ng training, kung kinakailangang gawing mas shooter o mas passer ang player.

<u>Possible Training Plan</u>:

One-on-One-Forwards hanggang maging at least 10 ang HA at DR

Jump Shot-Forwards hanggang maging 12 ang JS

Outside Defense-PG hanggang maging 14 ang OD

Salitang pagtrain ng Passing-PG at Outside Shooting-SG hanggang maging 10 na parehong JR at PA

Sa puntong ito, pwede na icustomize ang inyong trainee:

a. Kapag nagsalitan ang Outside Defense-PG at Jump Shot-Forwards, makukuha natin ang build na katulad ng nasa sample sa taas
b. Maaari din nating ipagsalitan ang Outside Defense-PG at Passing-PG para maging passer
c. O salitan ang Outside Defense-PG at Outside Shooting-SG para naman maging shooter

<u>*Outside SF Build:</u>

<u>Range ng Tangkad</u>: 6'4" (193 cm) hanggang 6'6" (198 cm)

<u>Minimum na Potensyal</u>: Allstar

<u>Starting Skills</u>: JS, OD, IS at ID ay nasa 6-7; Makakatulong din kung may konting JR at PA

Wannabe Outside SF

Estimated Salary: $ 2 067
Age: 18
Height: 198 cm
Potential: **All-Star**
Potential limit: 40% - 44%

Jump Shot: **average**	Jump Range: **inept**
Outside Def.: **average**	Handling: **average**
Driving: **average**	Passing: **inept**
Inside Shot: **average**	Inside Def.: **average**
Rebounding: **awful**	Shot Blocking: **awful**
Stamina: **average**	Free Throw: **average**
Experience: **atrocious**	Skills sum: **50 (32|18)**

PG: 4.84 | SG: 4.95 | SF: 5.01 | PF: 5.12 | **C: 5.13**

generated by /www.buzzer-manager.com

<u>Possible Final Build</u>:

Outside SF

Estimated Salary: $ 13 700
Age: 21
Height: 198 cm
Potential: **All-Star**
Potential limit: 82% - 91%

Jump Shot: **tremendous**	Jump Range: **average**
Outside Def.: **wondrous**	Handling: **prolific**
Driving: **sensational**	Passing: **average**
Inside Shot: **prominent**	Inside Def.: **prominent**
Rebounding: **awful**	Shot Blocking: **awful**
Stamina: **average**	Free Throw: **average**
Experience: **inept**	Skills sum: **88 (62|26)**

PG: 8.9 | **SG: 9.4** | SF: 8.73 | PF: 8.4 | C: 8.18

generated by /www.buzzer-manager.com

Ito ang common build ng mga SFs natin sa U21 level. Focus tayo sa JS, OD sa build na ito, pero huwag natin kalimutan ang IS at ID. Kadalasan mababa ang sahod ng mga ito kumpara sa mga guards na nasa taas dahil mas may balanse ang skills nila.

<u>Possible Training Plan</u>:

One-on-One-Forwards hanggang maging at least 10 ang HA at DR

Jump Shot-Forwards hanggang maging 12 ang JS

Outside Defense-PG hanggang maging 12 ang OD

Inside Defense-C hanggang maging 10 ang ID

Sa puntong ito, maaari na natin icustomize ang inyong trainee:

a. Kung nababababaan kayo sa JR, pwede kayo magtrain ng Outside Defense-PG at Outside Shooting-SG, salitan
b. Pwede rin ang salitan na Outside Defense-PG at Jump Shot-Forwards training
c. Pwede rin salitan ang Outside Defense-PG at Passing-PG, kung nakukulangan kayo sa PA
d. Tulad ng sa sample final build, nagtrain tayo ng konting Outside Shooting-SG at Passing-PG hanggang maging 6 sila pareho, tsaka natin tinuloy ang training ng Outside Defense-PG at Jump Shot-Forwards

*Inside SF Build:

Range ng Tangkad: 6'6" (198 cm) hanggang 6'8" (203 cm)

Minimum na Potensyal: Allstar

Starting Skills: JS, OD, IS at ID ay nasa 6-7; Makakatulong din kung may konting RB at SB

Wannabe Inside SF

Estimated Salary: $ 2 067
Age: 18
Height: 198 cm
Potential: **All-Star**
Potential limit: 40% - 44%

Jump Shot: **average**	Jump Range: **inept**
Outside Def.: **average**	Handling: **average**
Driving: **average**	Passing: **inept**
Inside Shot: **average**	Inside Def.: **average**
Rebounding: **awful**	Shot Blocking: **awful**
Stamina: **average**	Free Throw: **average**
Experience: **atrocious**	Skills sum: **50 (32|18)**

PG: 4.84 | SG: 4.95 | SF: 5.01 | PF: 5.12 | **C: 5.13**

generated by /www.buzzer-manager.com

Possible Final Build:

Inside SF

Estimated Salary: $ 13 175
Age: 21
Height: 198 cm
Potential: **All-Star**
Potential limit: 79% - 88%

Jump Shot: **prolific**	Jump Range: **inept**
Outside Def.: **prolific**	Handling: **prominent**
Driving: **prolific**	Passing: **inept**
Inside Shot: **tremendous**	Inside Def.: **tremendous**
Rebounding: **awful**	Shot Blocking: **inept**
Stamina: **average**	Free Throw: **average**
Experience: **inept**	Skills sum: **84 (51|33)**

PG: 7.2 | SG: 7.67 | SF: 8.46 | PF: 9.4 | **C: 9.72**

generated by /www.buzzer-manager.com

Madalang ako makakita ng ganitong builds sa U21, pero magandang gamitin ito sa inside offense. Focus tayo sa IS at ID sa build na ito, pero huwag natin kalimutan ang JS at OD. Hindi rin kataasan ang sahod ng mga ito kumpara sa mga big man builds na makikita natin mamaya.

Possible Training Plan:

One-on-One-Forwards hanggang maging at least 10 ang HA at DR

Jump Shot-Forwards hanggang maging 10 ang JS

Outside Defense-PG hanggang maging 10 ang OD

Inside Defense-C hanggang maging 12 ang ID

Inside Shot-C hanggang maging 12 ang IS

Sa puntong ito, maaari nyo na icustomize ang inyong trainee:

a. Ang pagpapataas ng OD, JS, ID at IS nang salitan ay magreresulta sa sample build na nasa taas
b. Pwede rin tayong magfocus sa IS at ID lamang
c. Pwede rin tayong magtrain ng JS at OD para mas maging balance
d. Optional ito, pwede tayo magdagdag ng RB at/o SB

<u>*Balanced SF Build:</u>

<u>Range ng Tangkad</u>: 6'4" (193 cm) hanggang 6'8" (203 cm)

<u>Minimum na Potensyal</u>: Allstar

<u>Starting Skills</u>: JS, OD, IS at ID ay nasa 6-7; Makakatulong kung may konting JR, PA, RB at SB

Wannabe Balanced SF

Estimated Salary: $ 2 067	Jump Shot: **average**	Jump Range: **inept**
Age: 18	Outside Def.: **average**	Handling: **average**
Height: 198 cm	Driving: **average**	Passing: **inept**
Potential: **All-Star**	Inside Shot: **average**	Inside Def.: **average**
Potential limit: 40% - 44%	Rebounding: **awful**	Shot Blocking: **awful**
	Stamina: **average**	Free Throw: **average**
	Experience: **atrocious**	Skills sum: **50 (32|18)**

PG: 4.84 | SG: 4.95 | SF: 5.01 | PF: 5.12 | **C: 5.13**

generated by /www.buzzer-manager.com

<u>Possible Final Build</u>:

Balanced SF

Estimated Salary: $ 11 134	Jump Shot: **sensational**	Jump Range: **inept**
Age: 21	Outside Def.: **tremendous**	Handling: **prolific**
Height: 198 cm	Driving: **prolific**	Passing: **inept**
Potential: **All-Star**	Inside Shot: **sensational**	Inside Def.: **sensational**
Potential limit: 77% - 85%	Rebounding: **awful**	Shot Blocking: **awful**
	Stamina: **average**	Free Throw: **average**
	Experience: **inept**	Skills sum: **85 (55|30)**

PG: 7.88 | SG: 8.4 | SF: 8.62 | PF: 9.1 | **C: 9.21**

generated by /www.buzzer-manager.com

Ito naman ang balanced SF build. May ilan-ilan lang na gumagawa nito. May balance ito ng inside at outside offense kaya pantay ang focus natin sa JS, OD, IS at ID. Tulad ng combo guard build, flexible ito dahil pwede tayo magshift sa inside SF o outside SF kung gugustuhin natin.

Possible Training Plan:

One-on-One-Forwards hanggang maging at least 10 ang HA at DR

Jump Shot-Forwards hanggang maging 12 ang JS

Outside Defense-PG hanggang maging 12 ang OD

Inside Defense-C hanggang maging 12 ang ID

Inside Shot-C hanggang maging 12 ang IS

Kayo na ang bahala sa konting natitirang linggo ng training. Sa sample final build, binigyan pa natin sya ng Outside Defense-PG training. Maaari rin tayong magbigay ng JR o PA training.

*Defensive SF Build:

Range ng Tangkad: 6'4" (193 cm) hanggang 6'8" (203 cm)

Minimum na Potensyal: Allstar

Starting Skills: OD at ID ay nasa 6-7; Makakatulong ang HA at SB dito; Mas mainam kung mababa ang JS, IS at DR

Wannabe Defensive SF

Estimated Salary: $ 1 689
Age: 18
Height: 198 cm
Potential: **All-Star**
Potential limit: 35% - 39%

Jump Shot: **inept**	Jump Range: **inept**
Outside Def.: **average**	Handling: **average**
Driving: **average**	Passing: **inept**
Inside Shot: **inept**	Inside Def.: **average**
Rebounding: **awful**	Shot Blocking: **average**
Stamina: **average**	Free Throw: **average**
Experience: **atrocious**	Skills sum: **49 (30|19)**

PG: 4.73 | **SG: 4.74** | SF: 4.66 | PF: 4.62 | C: 4.57

generated by /www.buzzer-manager.com

Possible Final Build:

Defensive SF

Estimated Salary: $ 11 412
Age: 21
Height: 198 cm
Potential: **All-Star**
Potential limit: 74% - 82%

Jump Shot: **inept**	Jump Range: **inept**
Outside Def.: **tremendous**	Handling: **proficient**
Driving: **proficient**	Passing: **sensational**
Inside Shot: **inept**	Inside Def.: **tremendous**
Rebounding: **awful**	Shot Blocking: **prolific**
Stamina: **average**	Free Throw: **average**
Experience: **inept**	Skills sum: **82 (51|31)**

PG: 9.18 | SG: 8.92 | SF: 8.33 | PF: 7.56 | C: 7.24

generated by /www.buzzer-manager.com

Hindi ka madalas makakakita nito sa U21, pero napaka-epektibo nito sa depensa, lalo na sa mga Box & 1 defenses. Dahil puro depensa ang focus natin, hindi tayo magtetrain ng JS o IS, at sa halip, PA ang

ibibigay natin. Makakatulong ito sa opensa para lumiit ang tsansang tumira sya gamit ang mababang JS at IS, sa halip ay ipapasa na lamang nya ang bola.

Kung titignan ang training plan sa baba, hindi natin makikita ang 1v1 Forwards. Kaya ang tanong, paano ang elastics nya kung magtetrain tayo ng OD at PA? Mapa 1v1 man yan o Ball Handling o kahit anong guard training, mapapansin nating may DR pops ang mga yan, at ayaw natin madagdagan ng husto ang DR ng ating trainee, kaya wala tayong magagawa kundi itrain ng diretso ang OD at PA na walang tulong ng elastics. Tandaan na nadadagdagan din ang DR at HA sa Outside Defense at Passing training.

Possible Training Plan:

Outside Defense-PG hanggang maging 12 ang OD

Inside Defense-C hanggang maging 11 ang ID

Shot Blocking-C hanggang maging 12 ang ID (hindi ito typo, ID talaga; Kung tingin mo kulang na ang oras sa pagtetrain, maaari natin i-skip ang SB training, at ipush na lamang ang ID hanggang maging 12 ito)

Passing-PG hanggang maging 10 ang PA

Salitan nating itrain ang Outside Defense-PG at Inside Defense-C kahit kailan natin gustuhin. Pwede rin tayo magbigay pa ng PA o SB training.

Sa sample final build, nagtrain pa tayo ng Passing-PG hanggang maging 12 ang PA, tsaka natin pinagsalitan ang Outside Defense-PG at Inside Defense-C.

*Classic PF/C Build:

**** Warning ito sa mga gustong gawin ang ganitong build, madalas mataas ang sahod ng mga ito. Ang iba ay umaabot pa sa 100k+ sa edad 21. Ihanda ang inyong economy at arena seats upang masuportahan ang naglalakihang sahod ng mga ito. ****

Range ng Tangkad: 6'8" (203 cm) at mas matangkad (mas matangkad, mas mainam)

Minimum na Potensyal: Perennial Allstar

Starting Skills: IS at ID ay nasa 6-7; RB ay hindi bababa sa 5; Mainam din kung may konting SB; Makakatulong din ang konting JS, OD, HA, DR at PA

Wannabe Classic C/PF

Estimated Salary: $ 3 171
Age: 18
Height: 208 cm
Potential: **Perennial All-Star**
Potential limit: 43% - 47%

Jump Shot: **average**	Jump Range: **inept**
Outside Def.: **average**	Handling: **inept**
Driving: **inept**	Passing: **inept**
Inside Shot: **average**	Inside Def.: **average**
Rebounding: **average**	Shot Blocking: **average**
Stamina: **average**	Free Throw: **average**
Experience: **atrocious**	Skills sum: **52 (28|24)**

PG: 4.95 | SG: 5.16 | SF: 5.46 | PF: 5.6 | **C: 5.72**

generated by /www.buzzer-manager.com

Possible Final Build:

Classic C/PF

Estimated Salary: $ 78 893	Jump Shot: **strong**	Jump Range: **inept**
Age: 21	Outside Def.: **average**	Handling: **average**
Height: 208 cm	Driving: **respectable**	Passing: **inept**
Potential: **Perennial All-Star**	Inside Shot: **prodigious**	Inside Def.: **prodigious**
Potential limit: 100%	Rebounding: **wondrous**	Shot Blocking: **respectable**
	Stamina: **average**	Free Throw: **average**
	Experience: **inept**	Skills sum: **88 (35|53)**

PG: 6.6 | SG: 6.82 | SF: 10 | PF: 12.49 | **C: 13.74**

generated by /www.buzzer-manager.com

Ito ang isa sa mga pinakamabilis na training builds dito, lalo na kung sobrang tangkad ng trainee. Nakalimutan ko kung saan ko narinig ang katagang "classic" sa ganitong builds, pero tawagin na nating classic build yan, for the lack of better terms. Focus tayo sa IS, ID at RB, at hahayaan na lamang ang ID training na magbigay ng SB pops sa inyong trainee.

Kung sobrang tangkad ng inyong trainee, maaari ka na matapos 20 years old pa lang sya. Kung ganito ang mangyari, pwede muna natin siya bigyan ng konting secondaries. Pwede rin Stamina o Free Throw (kung wala tayong Training Court) kapag natapos na ang ating build.

Possible Training Plan:

Kung sa tingin nyo ay disente na ang secondaries ng inyong trainee, maaari na tayong dumiretso sa plan na ito:

Inside Defense-C hanggang maging 12 ang ID

Inside Shot-C hanggang maging 12 ang IS

Rebounding-C/PF hanggang maging 12 ang RB

Sa puntong ito, pwede na tayong magtrain ng Inside Defense-C, Inside Shot-C at Rebounding-C/PF nang salitan sa ganyang pagkakasunud-sunod. Maaari din namang Inside Defense-C at Inside Shot-C lang muna at susundutan na lamang ng konting Rebounding-C/PF sa bandang huli.

Sa sample build sa taas, dahil 4 lang ang DR ng aking wannabe U21 star at gusto ko sya magkaroon nito kahit papaano, nagsimula muna ako sa One-on-One-Forwards training hanggang maging 7 ang DR, tsaka ako nagsimula ng insides training.

*Offensive PF (Tweener Forward) Build:

Range ng Tangkad: 6'8" (203 cm) at mas matangkad (mas matangkad, mas mainam)

Minimum na Potensyal: Perennial Allstar

Starting Skills: JS, IS at ID ay nasa 6-7; ang RB at SB ay hindi bababa sa 5; JR, OD at PA ay mga luxury skills

Wannabe Tweener Forward

Estimated Salary: $ 3 171
Age: 18
Height: 208 cm
Potential: **Perennial All-Star**
Potential limit: 43% - 47%

Jump Shot: **average**	Jump Range: **inept**
Outside Def.: **average**	Handling: **inept**
Driving: **inept**	Passing: **inept**
Inside Shot: **average**	Inside Def.: **average**
Rebounding: **average**	Shot Blocking: **average**
Stamina: **average**	Free Throw: **average**
Experience: **atrocious**	Skills sum: **52 (28|24)**

PG: 4.95 | SG: 5.16 | SF: 5.46 | PF: 5.6 | **C: 5.72**

generated by /www.buzzer-manager.com

Possible Final Build:

Tweener Forward

Estimated Salary: $ 54 851
Age: 21
Height: 208 cm
Potential: **Perennial All-Star**
Potential limit: 96% - 100%

Jump Shot: **tremendous**	Jump Range: **inept**
Outside Def.: **average**	Handling: **average**
Driving: **respectable**	Passing: **inept**
Inside Shot: **prodigious**	Inside Def.: **prodigious**
Rebounding: **strong**	Shot Blocking: **strong**
Stamina: **average**	Free Throw: **average**
Experience: **inept**	Skills sum: **88 (40|48)**

PG: 6.2 | SG: 6.8 | SF: 9.33 | PF: 11.4 | **C: 12.37**

generated by /www.buzzer-manager.com

Kung hindi kayo pamilyar sa terminong "Tweener Forward", ito ay mga players na masyadong maliit o mahina para maglaro ng Power Forward at masyado naman matangkad o mabagal para maging Small Forward. Madalas may tira sa labas ang mga ito, tulad ng nasa sample final build.

Isa itong variation ng Classic C/PF build. Sa build na ito, hindi natin itetrain ng husto ang RB, at sa halip ay JS ang ating patataasin. Ang JS ay kumakain sa potensyal ng isang PF dahil primary skill na nya ito, kaya kung gusto pa natin pataasin ang JS, magbabawas tayo ng mga inside skills, mas malamang RB o SB ang mabawasan dito.

Possible Training Plan:

One-on-One-Forwards hanggang maging 7 ang DR (Optional ito, at pwede rin mas mataas kung tingin nyo mas maagang matatapos ang build)

Jump Shot-Forwards hanggang maging 10 ang JS

Inside Defense-C hanggang maging 12 ang ID

Inside Shot-C hanggang maging 12 ang IS

a. Pwede rin natin pataasin ng konti ang RB (Rebounding-C/PF) at SB (Shot Blocking-C). Sa ating sample build, tinaas natin ang dalawang skills na ito hanggang maging 8 pareho. Pwede rin naman na sa RB lang magfocus.
b. Ito ay kung nais lang natin ng kakaibang player. Pwede tayo magdagdag ng konting JR gamit ang Outside Shooting-SG; isipin natin Dirk Nowitzki, lite version. Ngunit dahil mas mabagal ang JR

training sa mga matangkad na player, luxury build na lamang ito. Umasa na lamang tayo na mataas na ang JR ng ating trainee pagkadraft o bumili ng bigman trainee na may mataas na JR.

Sa huli, salitan nating itetrain ang Inside Defense-C, Inside Shot-C at Jump Shot-Forwards

*Defensive C (Punt-IS) Build:

**** Tulad ng sa Classic C/PF build, kadalasan malalaki rin ang sahod ng mga ito. Ihanda ang inyong economy at arena seats. ****

Range ng Tangkad: 6'8" (203 cm) at mas matangkad (mas matangkad, mas mainam)

Minimum na Potensyal: Perennial Allstar

Starting Skills: ID, RB at SB ay nasa 6-7; OD at PA ay malaking tulong sa build na ito; JS, IS at DR ay mas mainam na mababa

Wannabe Punt IS C

Estimated Salary: $ 2 780
Age: 18
Height: 208 cm
Potential: **Perennial All-Star**
Potential limit: 40% - 44%

Jump Shot: **inept**	Jump Range: **inept**
Outside Def.: **average**	Handling: **inept**
Driving: **inept**	Passing: **average**
Inside Shot: **average**	Inside Def.: **average**
Rebounding: **average**	Shot Blocking: **average**
Stamina: **average**	Free Throw: **average**
Experience: **atrocious**	Skills sum: **52 (28|24)**

PG: 5.35 | SG: 5.34 | SF: 5.63 | PF: 5.67 | **C: 5.76**

generated by /www.buzzer-manager.com

Possible Final Build:

Punt IS C

Estimated Salary: $ 57 000
Age: 21
Height: 208 cm
Potential: **Perennial All-Star**
Potential limit: 97% - 100%

Jump Shot: **inept**	Jump Range: **inept**
Outside Def.: **average**	Handling: **mediocre**
Driving: **mediocre**	Passing: **prominent**
Inside Shot: **respectable**	Inside Def.: **prodigious**
Rebounding: **prodigious**	Shot Blocking: **stupendous**
Stamina: **average**	Free Throw: **average**
Experience: **inept**	Skills sum: **90 (34|56)**

PG: 8.03 | SG: 7.71 | SF: 9.89 | PF: 10.96 | **C: 11.7**

generated by /www.buzzer-manager.com

Ito ang fly-swatter build na naging popular kamakailan lamang, lalo na sa division 1 at B3, dahil kahit papaano ay nakikipagbanggaan ito sa mga bigs na doble o triple ang sahod. Mabilis din ang training nito, kaya kung gusto nyo singitan ng secondaries ito, walang problema.

Ito ay tinatawag din "Punt-IS" build dahil hindi natin siya bibigyan ng IS; ang focus lang natin ay ID, RB at SB. Passing ang magandang secondary skill sa ganitong build, tulad ng sa Defensive SF build natin kanina, para mas palakihin ang tsansang ipasa na lamang ang bola sa mga kakampi nya at hindi na masyadong tumira.

Possible Training Plan:

Pwede natin unahin ang Passing-PG, nasa inyo kung gaano kataas. Sa sample build, ginawa natin itong 10. Hindi tayo magsisimula sa One-on-One o Ball Handling upang hindi na masyadong umangat ang DR, kaya magtetrain tayo ng PA na walang tulong ng elastics. Nasa inyo kung gaano kataas ang PA, pero huwag masyado baka hindi na natin maabot ang targets natin sa mga primaries

Inside Defense-C hanggang maging 12 ang ID

Shot Blocking-C hanggang maging 12 ang SB

Rebounding-C/PF hanggang maging 12 ang RB

Shot Blocking-C hanggang maging 16 ang SB

Rebounding-C/PF hanggang maging 16 ang RB

Kahit hindi tayo magtrain ng Inside Defense-C sa huli, aabot pa rin ito sa 15-16 dahil sa ID pops na maaari nating makuha sa Shot Blocking-C at Rebounding-C/PF training.

Sa mga natitirang linggo, tayo na ang bahala kung ano ang ibibigay nating training. Sa sample build, binigyan ko pa siya ng Shot Blocking-C.

*Hybrid C/PF Build:

**** Warning ulit dahil malaki ang sahod ng mga ito. ****

Range ng Tangkad: 6'8" (203 cm) at mas matangkad (mas matangkad, mas mainam)

Minimum na Potensyal: Perennial Allstar

Starting Skills: IS, ID, RB at SB ay nasa 6-7; OD at PA ay mga luxury skills

Wannabe Hybrid C/PF

Estimated Salary: $ 2 774
Age: 18
Height: 208 cm
Potential: **Perennial All-Star**
Potential limit: 40% - 44%

Jump Shot: **inept**	Jump Range: **inept**
Outside Def.: **average**	Handling: **inept**
Driving: **inept**	Passing: **inept**
Inside Shot: **average**	Inside Def.: **average**
Rebounding: **average**	Shot Blocking: **average**
Stamina: **average**	Free Throw: **average**
Experience: **inept**	Skills sum: **50 (26|24)**

PG: 4.82 | SG: 4.93 | SF: 5.31 | PF: 5.55 | **C: 5.71**

generated by /www.buzzer-manager.com

Possible Final Build:

Hybrid C/PF

Estimated Salary: $ 79 442
Age: 21
Height: 208 cm
Potential: **Perennial All-Star**
Potential limit: 100%

Jump Shot: **mediocre**	Jump Range: **inept**
Outside Def.: **average**	Handling: **inept**
Driving: **inept**	Passing: **inept**
Inside Shot: **prodigious**	Inside Def.: **prodigious**
Rebounding: **sensational**	Shot Blocking: **sensational**
Stamina: **average**	Free Throw: **average**
Experience: **inept**	Skills sum: **83 (27|56)**

PG: 5.93 | SG: 6.21 | SF: 9.39 | PF: 11.89 | **C: 13.15**

generated by /www.buzzer-manager.com

Ito ay tinatawag na "Hybrid" dahil meron itong ilang katangian ng isang Classic C/PF at ng isang Punt-IS C. Mananatiling mataas ang IS at ID natin, ngunit iba ang usapan pagdating sa RB at SB. Dahil kaunti lang ang oras natin at maaari tayong magcap agad kung itrain natin ng pantay-pantay lahat ng inside skills, ang RB at SB natin ay ilang levels na mas mababa kumpara sa IS at ID natin. Mas mainam kumuha ng trainee na may "Superstar" potential para sa ganitong build. Nakapagtrain na ako ng ganitong player dati, superstar potential, 7'0", may superior trainer at superior YT. Napaabot ko siya ng 16-16-14-14 (IS-ID-RB-SB) at nabigyan ko pa siya ng konting Stamina training.

Possible Training Plan:

Maaari tayong magsimula sa pagtrain ng secondaries na gusto natin, ngunit dahil konti lang ang oras natin, pwede na rin naman tayo dumiretso sa plan na nasa baba:

Inside Defense-C hanggang maging 12 ang ID

Inside Shot-C hanggang maging 12 ang IS

Shot Blocking-C hanggang maging 10 ang SB

Rebounding-C/PF hanggang maging 10 ang RB

Inside Defense-C hanggang maging 14 ang ID (I-skip lamang ito kung nasa 14 na ang ID)

Inside Shot-C hanggang maging 14 ang IS

Pagkatapos ay salitan nating itrain ang Inside Defense-C, Inside Shot-C, Shot Blocking-C at Rebounding-C/PF, sa ganitong pagkakasunud-sunod

NT Sample Builds

Sunod nating tatalakayin ang mga sample builds na pang-Seniors. Kung nabasa nyo na ang training guide ni Mediocrity, may mga sample builds na rin doon na pang-NT. Pwede nyo sundin iyon, pero maglalagay na rin ako dito ng aking bersyon, na sabihin na nating mas mahina pero mas realistic na bersyon, lalo na sa ating mga Pinoy na, huwag nating masamain, medyo kuripot pagdating sa mga trainers, infras at kung anu-ano pa.

Ang mga sample builds na narito ay ginamitan ng superior trainer at superior youth trainer, kaya tulad ng mga builds na pang-U21, may ilalakas pa ang mga ito at mas mapapaaga ang tapos ng mga builds. Kung

kayo ay seryoso na palakasin ang inyong player at may pera kayo para gawin ito, highly-recommended ang world-renowned levels ng trainers. Warning lang, mahal ang mga ito sa transfer list. Kahit ang mga exceptional trainers ay naglalakihan na rin ang mga presyo. Siguro isang payo na mabibigay ko para kahit papaano ay mabawasan ang inyong gastos ay ang hindi pagbili ng mga ito sa offseason ng BB dahil mas maraming namimili sa panahong ito.

Huwag na muna natin pansinin ang Stamina at Free Throws ng mga nasa builds, trip ko lang maglagay ng 6 stamina at 20 free throws dyan. Kayang-kaya abutin yan ng training court na level 2 o 3 kung nakapagbuild na tayo nito sa simula pa lang ng training.

Isa pang bagay na dapat nyo malaman, ang mga builds na nandito ay magbibigay din sa inyong trainee/s ng tsansa na makapaglaro para sa U21, kaya kung ok lang sa inyo na hindi mapabilang sa U21 ang inyong trainee, maaari nyong ayusin ang pagkakasunud-sunod ng mga training at magsimula sa pagtetrain ng secondary skills.

Ngayon naman, para sa special requirements ng Pilipinas pagdating sa NT players, ang mga guards natin ay dapat magkaroon ng at least 14 IS at 12 ID. Ang mga big man naman natin ay may at least 10 OD at 10 PA. Sa mga guards, alam na natin kung bakit may IS ang mga ito. Ang ID naman ay para madepensahan ang mga kalabang guards na paniguradong may mga IS din. Sa NT level, may mga guards na umaabot pa sa 20 IS.

Sa mga bigs naman, bakit kailangan may OD? May dalawang dahilan dito: una, may mga bigs ang ibang bansa na may JS. Meron din tayo nyan sa Pilipinas nyan ngunit madalang. Sabihin na nating 14-16 ang JS ng kalaban ng iyong trainee, kahit papaano ay papalag ang 10 OD natin kumpara sa mga ibang nakikita natin na 2 OD, 3 OD, etc. Ang pangalawang dahilan ay ang tinatawag na reverse patient. Ito ay variation ng Patient offense na kung saan ang best outside scorer natin ay nakapwesto sa C o PF sa opensa, at balik sa guard sa depensa. Ang Patient offense ay epektibo sa pag-expose ng mismatches. At in theory, sa isang starting 5, ang may pinakamababang OD ay ang C o PF. Kaya kung ang best outside scorer na may 20 JS, halimbawa lang, ay tumapat sa big man na may sobrang babang OD, i-expect nyo na sobrang taas ng field goal attempts ng outside scorer na iyon, at madali siyang makakaiskor ng 50+ points. Kung may OD ang ating bigs, mababawasan ang epekto nito kahit papaano.

Bakit naman may PA ang bigs? Ito ay nag-iimprove ng Assists-to-Turnover (A/TO) ratio ng ating players, na kasama sa kalkulasyon ng Offensive Flow. Kung mapapansin ninyo ang mga ratings sa mga box scores, isa ang Offensive Flow sa mga ito. Karamihan din sa mga opensa sa BB ay nagbebenepisyo sa isang team na may players na may disenteng Passing, sa halos lahat ng posisyon.

Isa pang side note tungkol sa minimum na potensyal, karamihan dito ang nakalagay ay MVP pero ang iba ay ginamitan ko ng HoF. Kung MVP ang inyong tinetrain, malaki ang posibilidad na magcap agad ito kapag tumuntong na ng 19 ang level ng primary skills natin, kaya iadjust na lamang natin ang mga final targets sa halip na 20 ay gawin natin itong 18 o 19. Gamitin ang buzzer-manager para sa ganitong mga kaso.

*Pure Passer PG Build:

Range ng Tangkad: 6’4” (193 cm) at mas mababa (mas maliit, mas mainam)

Minimum na Potensyal: MVP pero mas maganda kung mas mataas dito

Starting Skills: JS, OD at PA ay nasa 6-7; Maganda kung may IS na rin

Wannabe Pure Passer PG

Estimated Salary: $ 2 531
Age: 18
Height: 188 cm
Potential: Hall of Famer
Potential limit: 31% - 34%

Jump Shot: average	Jump Range: average
Outside Def.: average	Handling: average
Driving: average	Passing: average
Inside Shot: mediocre	Inside Def.: mediocre
Rebounding: awful	Shot Blocking: awful
Stamina: average	Free Throw: average
Experience: atrocious	Skills sum: 52 (36|16)

PG: 5.56 | **SG: 5.57** | SF: 5.17 | PF: 4.82 | C: 4.67

generated by /www.buzzer-manager.com

Possible Final Build:

Pure Passer PG

Estimated Salary: $ 202 771
Age: 29
Height: 188 cm
Potential: Hall of Famer
Potential limit: 98% - 100%

Jump Shot: legendary	Jump Range: prominent
Outside Def.: legendary	Handling: legendary
Driving: legendary	Passing: prodigious
Inside Shot: wondrous	Inside Def.: sensational
Rebounding: awful	Shot Blocking: awful
Stamina: average	Free Throw: legendary
Experience: strong	Skills sum: 138 (106|32)

PG: 15.37 | **SG: 15.49** | SF: 13.58 | PF: 12.04 | C: 11.14

generated by /www.buzzer-manager.com

Kung gagawa tayo nito para sa NT, sapat na ang 16 PA, hindi na kailangan itaas ito. Bukod sa lalong tataas ang sahod nito, mababawasan din ang inyong oras na pwede natin gamitin upang magtrain ng ibang mahalagang skills.

Sa sample build na nasa taas, 29 years old na tayo natapos, medyo matagal. Tandaan ulit natin na superior levels lang ang trainers na ginamit natin dito kaya pwede pa mapaaga yan kung tayo ay bibili ng mas mataas na level ng trainer.

Possible Training Plan:

One-on-One-Forwards hanggang maging at least 16 ang HA at DR

Jump Shot-Forwards hanggang maging 14 ang JS

Outside Defense-PG hanggang maging 14 ang OD (Maaari nyo unahin ito kaysa sa Jump Shot-Forwards, depende na ito kung ano ang mas kailangan ng iyong team)

Salitan nating itrain ang Passing-PG at Outside Shooting-SG hanggang sa maging 8 pareho ang PA at JR

Inside Defense-C hanggang maging 11 ang ID

Inside Shot-C hanggang maging 13 ang IS

Salitan ulit nating itrain ang Passing-PG at Outside Shooting-SG hanggang sa maging 10 pareho ang PA at JR

Outside Defense-PG hanggang maging 16 ang OD

Passing-PG hanggang maging 12 ang PA

Kung nakakasunod tayo sa mga trainings na nasa taas, dapat ay nasa 16 JS, 16 OD at 12 PA na tayo. Ang final build natin ay may 20 JS, 20 OD at 16 PA, bale tig-apat ang dagdag sa bawat isang skills na ito, kaya salitan na natin itetrain ang Outside Defense-PG, Jump Shot-Forwards at Passing-PG, kayo na ang bahala sa pagkakasunud-sunod ng tatlong ito. Kapag nagpop na ang IS at naging 14 ito dahil sa Jump Shot-Forwards training, maaari na nating palitan ito ng Jump Shot-Guards dahil naabot na ang 14 IS na target natin.

Kung mapapansin natin, ang potential limit ay nasa 98%-100%, kaya pwede pa tayo magdagdag ng isa pang primary skill. Maaaring JS ito, OD o PA, depende na ito sa inyo. Pwede rin ang JR dito.

*Pure Shooter SG Build:

Range ng Tangkad: 6'4" (193 cm) at mas mababa (mas maliit, mas mainam)

Minimum na Potensyal: MVP pero mas maganda kung mas mataas dito

Starting Skills: JS, JR at OD ay nasa 6-7; Maganda kung may IS na rin

Wannabe Pure Shooter SG

Estimated Salary: $ 2 531
Age: 18
Height: 188 cm
Potential: Hall of Famer
Potential limit: 31% - 34%

Jump Shot: average	Jump Range: average
Outside Def.: average	Handling: average
Driving: average	Passing: average
Inside Shot: mediocre	Inside Def.: mediocre
Rebounding: awful	Shot Blocking: awful
Stamina: average	Free Throw: average
Experience: **atrocious**	Skills sum: **52 (36|16)**

PG: 5.56 | **SG: 5.57** | SF: 5.17 | PF: 4.82 | C: 4.67

generated by /www.buzzer-manager.com

Possible Final Build:

Pure Shooter SG

Estimated Salary: $ 160 143
Age: 28
Height: 188 cm
Potential: Hall of Famer
Potential limit: 99% - 100%

Jump Shot: legendary	Jump Range: prodigious
Outside Def.: legendary	Handling: colossal
Driving: colossal	Passing: prominent
Inside Shot: wondrous	Inside Def.: sensational
Rebounding: awful	Shot Blocking: awful
Stamina: average	Free Throw: legendary
Experience: strong	Skills sum: **136 (104|32)**

PG: 14.28 | **SG: 14.89** | SF: 12.89 | PF: 11.81 | C: 11.17

generated by /www.buzzer-manager.com

Kung gagawa tayo nito para sa NT, sapat na ang 16 JR, hindi na kailangan itaas ito, sa parehong dahilan na aking nabanggit sa Pure Passer PG build. Mas mainam na magtrain na lamang tayo ng IS upang mas maging epektibong scorer sya, or OD para mas maging matibay sa depensa.

Nakagawa na ako ng player na may 20 JS, 18 JR at 12 IS; masasabi kong hindi ito masyadong epektibo sa NT games kahit na outside offense ang gamit natin. Pampataas pa ng sahod ang JR, di katulad ng IS na secondary skill ng mga SG.

Possible Training Plan:

One-on-One-Forwards hanggang maging at least 16 ang HA at DR

Jump Shot-Forwards hanggang maging 14 ang JS

Outside Defense-PG hanggang maging 14 ang OD (Maaari nyo unahin ito kaysa sa Jump Shot-Forwards, depende na ito kung ano ang mas kailangan ng inyong team)

Salitan nating itrain ang Passing-PG at Outside Shooting-SG hanggang sa maging 8 pareho ang PA at JR

Inside Defense-C hanggang maging 11 ang ID

Inside Shot-C hanggang maging 14 ang IS

Salitan ulit nating itrain ang Passing-PG at Outside Shooting-SG hanggang sa maging 10 pareho ang PA at JR

Outside Defense-PG hanggang maging 16 ang OD

Outside Shooting-SG hanggang maging 12 ang JR

Sa puntong ito, dapat nasa 16-17 na ang JS, 12 JR at 16 OD. Salitan na natin itetrain ang tatlong skills na ito hanggang umabot tayo sa targets natin na 20 JS, 16 JR at 20 OD, gamit ang Jump Shot-Forwards, Outside Shooting-SG at Outside Defense-PG. Tulad ng sa Pure Passer PG build natin, kung naabot na ng trainee ang 14 IS habang tayo ay nagtetrain ng Jump Shot-Forwards, maaari na natin itong palitan ng Jump Shot-Guards.

Dito naman, ang potential limit ay nasa 99%-100%, kaya pwede pa tayo magdagdag ng isa pang primary skill. Maaaring JS ito o OD, depende na ito sa inyo. Pwede rin ang PA.

*Combo Guard Build:

Range ng Tangkad: 6’4” (193 cm) at mas mababa (mas maliit, mas mainam)

Minimum na Potensyal: MVP pero mas maganda kung mas mataas dito

